

OKAY ANG PINILI MO!

Karamihan sa mga Pinay na tulad mo ay matagumpay sa paggamit ng implant. Narito ang ilang tips na makatutulong sa'yo para maging matagumpay ka rin.

URI NG FP

Implant

PAGKA-EPEKTIBO

99.9%

**SAAN ITO
PWEDENG
KUNIN:**

Libre ito sa mga klinika ng gobyerno,
at makukuha rin sa pribadong klinika
sa mababang presyo.

**PAANO ITO
GINAGAMIT:**

Nagawa mo na ang lahat ng kailangan
mong gawin! Nasa ilalim na ng balat
ng braso mo ang implant. Wala ka
nang ibang kailangang gawin.

**MGA
BENEFISYO
SA PAGGAMIT
NG IMPLANT:**

- ✍ Protektado ka sa pagbubuntis. Makipaglambingan nang walang pag-aalala!
- ✍ Hindi humahadlang ang implant sa pakikipagtalik.
- ✍ Ito ay epektibo at hindi permanente.
- ✍ Madaling tanggalin kung gusto mo nang mabuntis.

**KARAMIHAN SA MGA PINAY ANG
GUMAGAMIT NG IMPLANT NANG
WALANG PROBLEMA.**

Pero may mga nakararanas ng mga sumusunod:

*Wag mag-alala.
Normal ang mga ito
at pansamantala.*

- ✍ Pansamantalang sakit sa braso kung saan ipinasok ang implant.
- ✍ Pagbabago sa regla (mas madalas, matagal, maikli o mawawala). Karaniwan ang mga pagbabagong ito pero hindi nakasasama.
- ✍ Pagbabago sa timbang, pananakit ng suso, pagkahilo, sakit ng ulo.



**ANO ANG DAPAT MONG GAWIN
KUNG GUSTO MO NANG
MABUNTIS?**

Pinipigilan ng implant ang pagbubuntis at ito'y mabisa mula **3 hanggang 5 taon**, depende sa brand. Kung gusto mo nang mabuntis bago nito, kailangan mo lang ipatanggal ang implant. Pwede itong tanggalin ng doktor, nars, o midwife na nagsanay sa pagtanggal ng implant. Babalik din sa madaling panahon ang iyong regla. Ang dali-dali lang!

**KAILAN AKO PWEDENG
MAGPALAGAY NG IMPLANT
PAGKATAPOS KONG MANGANAK?**

Pwede nang magpalagay **agad ng implant pagkatapos mong manganak**. Hindi mo kailangang maghintay.

Ang pagpapalagay ng implant ay hindi rin makakaapekto sa pagpapasuso.

Ang brand ng implant ko ay: _____ . Magtatagal ito nang **3** o **5** taon (bilugan ang isa).
Ipatatanggal o papapalitan ko ang aking implant sa: _____ (buwan/taon).
ANG PANGALAN NG DOKTOR, NARS, O MIDWIFE KO AY: _____ .
Ang kanyang address ay: _____ . Ang kanyang contact number ay: _____ .



BILANG MGA PAALALA...

- Ang implant ay **isang malambot na plastic** na kasinliit ng palito ng posporo.
- Ipinapasok ang implant sa ilalim ng balat ng braso gamit ang **isang applicator**. Dahil ginagamitan ng anestisya ang pagpasok nito, may mararamdaman kang konting sakit. Pagkatapos nito, babalutin ang iyong braso ng sterile at elastic bandage.
- Nananatili ang implant sa ilalim ng balat ng braso mo. **Hindi ito gumagalaw sa loob ng katawan**. Madali itong makakapa, pero hindi ito lumilitaw.
- Minsan kung gumagamit ang babae ng FP na may hormones (tulad ng pill, implant, o injectable), **umiikli, gumagaan o tumitigil ang kanyang regla**. Ito ay dahil wala nang ginagawang bagong sapin ang kanyang matris kada buwan. Walang sapin—walang regla!

Hindi nakasama ang hindi regular o pagtigil ng regla. Ito ay katulad ng kawalan ng regla habang buntis dahil sa epekto ng hormones. Hindi ka buntis at hindi naiipon ang dugo sa loob ng iyong katawan. Pwedeng mabuntis kapag hihinto ka na sa paggamit ng implant.

KAILAN MO TATAWAGAN O BABALIKAN ANG IYONG DOKTOR, NARS, O MIDWIFE?

- Kung **sumasakit o nagiging mapula ang braso** mo sa mga araw kasunod ng pagpapalagay mo ng implant, o **kung lumalabas ang implant**.
- Kung **gusto mo na itong ipatanggal** upang mabuntis.
- Kung **oras nang ipatanggal ang implant**. Pwede kang kumuha agad ng bagong implant.

ANO ANG MANGYAYARI KUNG MANANATILI ANG EXPIRED NA IMPLANT SA LOOB NG BRASO?

Hindi naman mapanganib kung mananatili ang implant sa loob ng braso, pero **hindi na ito makapagbibigay ng proteksyon** laban sa pagbubuntis.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang WWW.USAPTAYOSAFF.COM.PH o kontakin ang Usap Tayo sa FP Helpline sa **09175970770** at **09988652810**.

USAP TAYO SA FP (POPCOM)

HEALTHY PILIPINAS (DOH)



POPCOM
Empowering Filipino Families



USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE